Presidential Communications Operations Office

Presidential News Desk

TALK TO THE PEOPLE OF

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE

ON CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19)

[28 April 2021]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: Magandang gabi mga kababayan ko. Again, the most important topic I think that we have to discuss almost every meeting, every Talk to the People session, would really be the continuing rise of COVID cases in the country. We have breached the million mark and it does not really surprise me.

From a distance, nakikita ko talaga. And every time I see people violating the law, I would just say to whoever is seated next to me, sabihin ko, 'Tignan mo ito, tomorrow there will be a spike again.' And true enough. And it will never be an ending story until all Filipinos are vaccinated. There will always be a rise and maybe exponential ang takbo ng COVID sa Pilipinas 'pag hindi kayo sumunod ng batas.

You know, this is not only a medical issue. It is now of national interest and maybe the survival of the Filipinos. I would like to be somebody governing but not really unnecessarily going to the extreme. But apparently not all, but there are a lot of you out there violating and violating and repeatedly violating the laws.

So mamili kayo, I will give you a short lecture of what I will do. But first, I will read the places at 'yong kanilang quarantine.

Modified enhanced community quarantine, modified ito so medyo strikto: NCR, Bulacan, Cavite, Laguna, Rizal. With additional opening of the economy, well it remains to be seen. Region II: City of Santiago in Isabela, Quirino; [CAR:] Abra.

Then 'yong sa general community quarantine, we have: Apayao, Baguio City, Benguet, Ifugao, Kalinga, Mountain Province; in Region II, it's Cagayan, Isabela, [Nueva Vizcaya]; in Region IV[-A], it's Batangas and

Quezon; Region VIII, Tacloban remains to be in the general community; [Region X] Iligan; [Region XI] Davao City; and BARMM [Lanao del Sur].

The rest of the Philippines is in modified general community quarantine. So take note of the modified enhanced community quarantine. Listen, it's modified, general community quarantine. There are two different animals here. Dalawa ito, it's modified enhanced, modified general. So be --- let us be clear on that.

Ngayon po, ang sinabi ko na wala naman kasing mangyayari dito pagka you keep on violating the law. Alam ko the ultimate blame is always government whether we are in the right or in the wrong gobyerno talaga 'yan because government walang iba eh.

Kaya despite of the fact may ayuda tayo and we distributed billions, well, wala pa rin ang --- it is not even --- it does not even deserve a comment sa natutulungan. There're billions money was given, it's 4,000 and 1,000 per individual. Pero kung makakaya pa, kung hanggang kaya lang, ganito ayaw ninyong sumunod? Well, I have to --- itong pagka-Presidente ko dito, nandito ako. Sa isang linya is my --- itong pagka Chief Executive ko. Under me except the Constitutional bodies, Congress and the Supreme Court; COA, hindi 'yan sila kasali, itong Human Rights. Pero lahat, pwera 'yang sinasabi ko, dito under kayo sa akin, that is under the Chief Executive powers. Dito sa kabila isang linya ang aking pagka Commander-in-Chief of the Armed Forces of the Philippines at saka 'yong pulis well under --- noon, but still the police gets the order from the mayor.

Ngayon, nakita ko violation dito, violation doon; sakit dito, sakit doon. Anak ka ng --- wala tayong pera. Do not ever think that we can accommodate you just anytime. If you look on the TV and sa mga news, hindi nga makapasok naghihintay lang sa mga kotse. Naghihintay lang diyan sa labas hanggang mabigyan sila ng kama. Now, ang kama depende 'yan sa mabakante. Kung marami ang mamatay lahat, maraming kama kung gusto ninyo.

If you are one of those candidates na --- alam ko hindi lahat. I mean hindi naman talaga lahat may gusto eh. Maraming ayaw na magka-COVID namatay. Wala na tayong magawa diyan. Swerte na natin 'yan. Ngayon, itong mga ayaw maniwala, ayaw sumunod, despite the fact that they are well aware of the attendant consequences, grave ones, patuloy pa rin ang pagsayaw dito, sayaw doon. Akala mo walang batas.

Now ganito 'yan, there is a national emergency, a national health emergency. With that comes also the power of the state to control whatever

there is to control whether it's a pandemic, epidemic or whatever medical, police power can be exercised to control crime, to promote public interest, to promote public health. Iyan kasali 'yan sa power ng president.

Ngayon, ako tumitingin lang sa --- at a distance as I would not really want to be so strict about it because it is technically not a crime at all. Ang problema naging krimen lang 'yan dahil kung ayaw mong maniwala para kang --- there's a word "spreader." Nag-i-spray ka ng --- nag-i-spray ka ng sakit. So we have to protect other people from not getting sick so we have to impose rules. Now, the rules are there and you do not follow.

Well, let me tell you, under the police power of the state, ang mayor, ang barangay captain, because they are persons of authority, they are the ones who should be responsible for the enforcement of the law.

Ang guidance binibigay lang sa police because the supervision belongs to the mayor. Ang barangay captain is also a person in authority like a teacher is a person in authority. Kaya 'pag nagka --- lumaban ka, nasaktan mo 'yang mga tao na 'yan, it is direct or indirect assault in addition to the crime that you commit. Ganoon 'yan.

So ang gawin ko ganito, I will hold responsible under the law, may batas eh, maraming batas --- there are about five provisions in a different statutes na ang barangay captain siya 'yong mag-enforce sa law. At kung hindi, 'yong mayor or concurrently the mayor and the barangay captain are responsible for the enforcement of the law, especially if it is a penal law, 'yong may corresponding, well, preso o ano.

Ngayon ang gawin ko ganito, I will hold responsible and I will direct the secretary of the Local Government, DILG, to hold the mayors and responsible for these kind of events happening in their places. It is a violation of the law and if you do not enforce the law, there is a dereliction of duty which is punishable under the Revised Penal Code. So the DILG can proceed against you for not doing your duty as mayor or as a barangay captain, but not so much about the mayor. Nandiyan lang 'yan kasi nandiyan na 'yong liability.

Now, itong mga barangay captain ang problema kasi maliit ang barangay. Do not give me that s*** about hindi mo alam. So the Local Government will go after you administratively and criminally.

'Pag may nangyari pang pistahan o sayawan diyan, ang tawagin ng DILG ang mayor pati ang barangay captain, and then he will proceed to enforce the law. Since he is my alter ego dito nga sa sinabi ko, DILG nandito eh, it's a civilian department; and he can exercise that power. So siya na.

Kasi itong war power dito sa --- hindi masyado ang military, pang NPA ko lang 'yan, pang enemies of the state. So it falls squarely on the shoulders of Secretary Año that's to enforce the law. Maybe call the attention of the mayor and the barangay captain and to give them enough time to answer administratively and criminally why you should not go to prison for not enforcing the law. Batas 'yan and it…

I would like to start with the --- well, the most important is 'yang itong COVID. So it's a bit --- let's start with the secretary of Health followed by the secretary of… Secretary Duque, it's your turn.

DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III: Yes, sir. Magandang gabi po sa inyo, Mr. President, at kay atin pong Chair ng Committee on Health ng Senado, Senator Bong Go; ang atin pong Executive Secretary, si ES Medialdea; ang mga kasama ko po sa IATF at sa Gabinete at sa lahat po ng ating mga kababayan, magandang, magandang gabi po sa lahat.

Sa ngalan po ng Department of Health, ako po ay magbabahagi sa inyo ng ating usual COVID-19 situationer at biosurveillance updates.

Ito po 'yong first slide. Ito po ang ating mga pangunahing mensahe ngayong Linggo. Una po, bagama't bumababa na ang kaso sa buong bansa at lalo na po sa NCR, nananatiling mataas ang ating average daily attack rate per 100,000 population.

Pangalawa po, habang gumaganda ang ating kabuuang healthcare at ICU utilization rate sa NCR, mataas pa rin ang ating healthcare utilization rate naman ng CAR, ng Regions II and IV-A.

Pangatlo po, upang maging epektibo tayo sa pagsusugpo nang pagkalat ng COVID-19, kinakailangan natin balik-balikan ang ating contact tracing, ang isolation targets nang sa gayon ang --- mapaunlad po natin na patuloy ang contact tracing, isolation, at ang ating testing performance. At ito po kinakailangan lahat paigtingin sa tulong at pakikipag-ugnayan sa atin pong tugon sa pandemyang ito with the local government units.

At huli po, ang pagpapatupad nang maigting at mabilis na minimum public health standards. At uulitin ko po, ang contact tracing, isolation, at testing ay susi sa pagluwag ng community quarantine restrictions, pagbubukas ng ekonomiya at pagprotekta sa kalusugan at buhay ng bawat Pilipino.

[Sunod na slide po.]

Ngayon ika-28 ng Abril 2021, mayroon po tayong nadagdag na 6, 895 na bagong kaso. So bumababa na po ito, Mr. President. Kahapon we were eight --- 8, 800. The other day we were 8,9[00]. Ngayon po, nasa 6,895 na naidagdag at 2, 963 ay mula po sa National Capital Region at 1,478 sa Region IV-A; at 866 naman po sa Region III.

Para naman sa atin pong mga active cases, ito po nasa bandang kaliwa, ang kabuuang bilang ngayon ay --- ngayon ay nasa 67,769, that is as of April 19. Ito po ay ang katumbas 6.64% ng atin pong kabuuang kaso.

At sa kabila namang dako, ang atin pong recoveries ay umaabot na sa 935,695 at ang ating recovery rate ay nasa 91.69% po. Habang ang bilang ng mga pumanaw, nakakalungkot po, ito po ay umabot sa 17, 031 mula po nag-umpisa ang pandemya noong Marso po ng taong 2020. Ngunit ang atin pong case fatality rate, ayan po, ay nasa 1.67. At napapanatili po natin na mababa ang atin pong case fatality rate.

[Next slide po.]

Dito naman po ay makikita natin ang epidemic curve. At as of April 28, 2021, mayroon na po tayong 1 thou --- 1,020, 495 na kaso sa buong bansa

at 67,769 ang aktibong kaso. Halos kalahati dito ay galing sa NCR po ‘no, 450,892 na kaso sa kabuuan; at 27,891 ang aktibong kaso po dito sa NCR.

Kung titingnan ang atin pong epidemic curve, makikita na nagsisimula na tayong makakita po nang pagbaba ng ating mga kaso. Karamihan pa rin ng mga kaso ay galing sa NCR, Regions IV-A and Region III.

At ako po, binibigyan ko ng pagkilala ang sipag at ang patuloy, walang patid na pagtugon ng NCR, ang atin pong mga local chief executives, at ang gumagabay sa kanila ang atin pong tagapangulo ng MMDA, si Chairman Benhur Abalos at ang kanya pong general manager.

Nationally --- *[next slide, please]* --- nakikita na --- nakakita na tayo ng improvements nitong mga nakaraang dalawang linggo partikular ang ating -3 percent. Ayon po, Philippines, nakalagay --- kulay green shade --- -3 percent na po ang ating growth rate na mas mababa. From 50 percent po 'yan ano noong nakaraang tatlo hanggang ika-apat na linggo.

Mayroon rin pong bahagyang pagbuti ng ating average daily attack rate mula 9.13 three to four weeks ago at bumaba na po to 8.84. At sana magpatuloy pang bumaba ang kaso natin gamit ang panukatan ng ADAR.

Bumuti rin po ang ating two-week growth rate ng NCR na kasalukuyang nasa -15 percent. Bagama't mataas pa rin ang ADAR ng rehiyon na nasa 31.01 na kaso sa kada 100,000 na populasyon.

Sa kabilang dako naman, tinututukan namin ang Regions IX, VI, at II dahil sa kanila pong positive TWGR at mataas na average daily attack rate per 100,000 population.

[Next slide please.]

Habang bumababa naman ang ating kaso at bumababa ang atin pong NCR ICU utilization rate from 84 percent noong nakaraang linggo, ngayon po nasa 69 percent po tayo kung titingnan po natin 'yong nasa kaliwang bandang taas na ang nakalagay po total bed utilization and ICU utilization, iyan po ang NCR. Bumaba na po tayo, nasa moderate risk level na po tayo.

At napaunlad po natin ang ating health systems capacity, pangkalahatan, at ang pinakamahalaga pong bahagi ng ating kapasidad ay ang ICU at patuloy po natin pinapalawig at pinalalaki ang bilang nito sa lahat po ng aspeto ng

ating health systems capacity. Ito po ang pinakamahalaga dahil po siya ang nakakapagsalba ng mga buhay.

Ito na po ang huli, Ginoong Pangulo. Patuloy po ang pagbibigay natin ng serbisyong pangkalusugan sa pamamagitan nang pagpapalawak ng kapasidad ng atin pong health system. At sa pagsasagawa po nito, ang DOH katuwang ang iba't ibang --- iba't ibang pampubliko at pribadong sektor ay nakapagpatayo na tayo ng 635 dagdag na modular hospital sites, TTMFs at iba pang health facilities.

Gayundin, mayroong dagdag na 23,241 COVID-19 beds upang suportahan ang mga pasilidad. Pinaiigting din po natin ang ating testing capacities na katuwang sa wastong pagpapatakbo ng atin pong patient referral system.

In fact, as of April 27 po, mayroon na tayong nabili o naprocure na 500,000 rapid antigen test kits at patuloy po ang distribution nito sa mga NCR Plus cities and provinces. Kabilang pa rin po dito ang pagdagdag sa health workers at kanilang benepisyo.

Ngayon, mayroon ng 14,668 na dagdag na health professionals at workers na tumutulong patatagin ang serbisyong pangkalusugan sa NCR Plus bubble. Sinisiguradong wasto ang kompensasyon sa kanila at mayroong P7-billion obligated budget para dito.

Mayroon na rin po tayong 107 million sets ng personal protective equipment na naipalaganap sa atin pong NCR Plus bubble at halos dalawang milyon doses ng atin pong COVID-19 vaccines out of the 3,525,600 doses na mga bakunang atin na pong natanggap mula po doon sa mga donasyon at sa mga naangkat po natin through procurement para po sa ating mga kababayan.

So ito po, Mr. President, ang akin pong pinakahuling ulat at handa na po akong sumagot sa inyo pong mga katanungan. Salamat po, sir.

PRESIDENT DUTERTE: I have no --- I have no questions. Baka siguro mamaya. Let's hear Secretary Galvez.

NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR CARLITO GALVEZ JR.: Mr. President; our Executive Secretary Medialdea; Senator Bong Go; my fellow Cabinet members; sa mga

kababayan po natin na nakikinig po ngayon; magandang gabi po. Ang ire-report po natin ngayon ay ang update natin po sa National Vaccination Program.

[Please show my slide, please. Slide number 2. Next slide.]

Sir, sa ngayon po, natanggap na po natin ngayong April 'yong almost 1 million doses na po noong April 11 at saka April 22. Na-deliver na po ito ngayon. At bukas po, made-deliver na naman 'yong another 500,000 na Sinovac. Bukas po ng 7:45 po darating po 'yong Cebu Pacific na kumarga po ng ating vaccine.

Iyong supposed to be po na darating po na Gamaleya, na-move po ng May 1 dahil po sa mga tinatawag nating logistical challenges kasi because of the restrictions, nagkakaroon po ng problema sa mga flights dahil po may connecting po na flight from Moscow-Doha-to-Philippines kaya talaga pong nahihirapan po kami na ikarga po.

And then sa ano po --- sa --- this coming ano --- *[pakibalik po sa isang slide kanina]* --- sa May po ang atin pong ma-ano po natin sa May 1, mayroon po tayong 15,000 na Gamaleya na darating and then nangako na po ang ano. Steady po ang --- medyo maganda po dito steady na po 'yong supply ng Sinovac. At sa May 7 po, 1.5 million one tranche ang ibibigay po sa atin. And then 'yong another 500 na thousand ay ide-deliver din po this coming May. And then most likely, sir, 'yong ano 'yong Gamaleya, magkakaroon na tayo ng stable supply this coming May din po. And most likely baka 'yong COVAX din po magkaroon na po tayo ng mga deliveries.

Nakita po natin talaga na 'yong ating COVAX ay nagkaroon po ng delay because of the acute shortage sa global supply. Pero sa ngayon po, nakausap ko po si Dr. Rabi Abeyasinghe na pinipilit po talaga nila na magkaroon po tayo ng supply particularly po 'yong ano 'yong COVAX Pfizer.

Sir, most likely, sir, baka makakuha tayo ng 2,355,210 na COVAX Pfizer by ano po, sir, by before the end of June. Hopefully, magkaroon po tayo ng early deliveries dito sa May and also 'yong AstraZeneca, baka magkaroon din po ng COVAX delivery. Iyon po ang pinipilit po namin na magkaroon ng delivery.

At nagpapasalamat po kami sa Gavi, sa COVAX, at saka sa WHO dahil talagang halos araw-araw po talagang mayroon po silang ginagawa para at least matuloy na po 'yong mga naka-earmark na mga COVAX vaccine po sa atin.

Ang maganda pong balita po, Mr. President, is sa June, magkakaroon na po tayo ng more or less very steady supply dahil mayroon po tayong apat na ano --- apat na manufacturer na magde-deliver po ng June.

Unang-una po ang Moderna. Magde-deliver po sila ng 194,000 na doses. And then 'yong Sinovac, magdadagdag po sila ng 4.5 million para po sa June. And then 'yong Gamaleya-Sputnik, magkakaroon po ng 2 million. At ang AstraZeneca, ito po 'yong private sector po na delivery, 1.3 million. Ito po 'yong pinakaunang nabili po ng ating Go Negosyo na napirmahan po noong last November 2020. And then 'yon nga po, darating po 'yong COVAX na sana nga po matuloy na po itong COVAX Pfizer na 2,355,210. So total po ito, Mr. President, na nine to 10.

At maganda po ang ginagawa po ng MMDA at saka po ng NCR, nagkakaroon po ng simulation na po ginagawa namin na nagpi-prepare na po kami sa ano sa June pagdating ng mga vaccine na ang kanilang daily vaccination ano po rate will be 120,000.

Tuloy-tuloy po 'yong mga presentation ng ano ng mga supply chain manager na po natin na galing pa po sa Jollibee at saka po sa McDonald’s and also doon po sa AC Health Ayala. Nagtulong-tulong po kami na magkaroon po ng simulation para po maniwala po 'yung ibang mga tao na talagang kaya po natin 'yong 500,000 a day.

Iyong Metro Manila, basta magkaroon po ng eksaktong 3.3 million a month, kaya po nilang gumawa ng 120,000 a day. At 'yon po ay napangako po ng ating MMDA Chairman at saka si GM Jojo na kayang-kaya po nila po 'yon dahil kasi nakikita po natin na gagawa po rin po tayo ng mga mega vaccination site.

Sa ngayon lang talaga, Mr. President, hirap pa po talaga tayo sa ano sa ating volume sa first quarter at saka second quarter, talagang gipit na gipit tayo. Pero nag-usap po kami nila Ambassador Romualdez na gumagawa po sila ng paraan na ‘yong --- ‘yong AstraZeneca na nandoon pa sa US ay pa --- puwede pong mai-release.

Sumulat na nga po si ano si Secretary Duque na mga diplomatic --- through diplomatic channel na 'yong mga hindi nagagamit na mga AstraZeneca pati sa Israel po sumulat na rin po kami ng Letter of Intent na makakuha ng access para 'yong mga excess po ng mga countries po nito ay magkaroon po rin po tayo.

So 'yong negotiation team po natin talagang halos umaga, gabi nagne-negotiate po tayo kahit na Sabado, Linggo po para makakuha lang po tayo ng talagang steady and secured supply this coming May and June.

[Next slide po.]

Makikita po natin…

PRESIDENT DUTERTE: Sandali --- sandali lang...

SEC. GALVEZ: Yes, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Baka hindi maintindihan ng mga tao, ito 'yong sinabi ni Secretary Galvez, iyong dynamics sa delivery ng mga bakuna, 'yong sabi na hirap tayo sa mga pagdala kasi wala namang eroplano na makuha natin direct Russia–Philippines, China–Philippines.

Maraming daanan, it's transshipment. Dito lang hanggang Hong Kong tapos ilipat. So that's why sabi niya nahihirapan tayo minsan mag-tailor ng saan natin ipadaan sa madaling panahon and that the integrity o 'yong bisa ng bakuna is protected. Iyon ang ibig sabihin niya kanina na sabi niya na iyong hirap tayo sa --- baka hindi ninyo naintindihan. Ganoon ho ang ibig sabihin niya.

You can go ahead.

SEC. GALVEZ: Opo. Mahal na Presidente, iyon po talaga 'yong logistical challenge natin kaya po nagpapasalamat po kami sa Philippine Airlines at saka sa Cebu Pacific kasi magbo-volunteer po sila na direct flight na po galing sa Moscow puwede po nating kunin po, Mr. President, 12 hours lang naman po 'yon, long haul.

So ngayon gumagawa po kami ng plano para hindi na po madelay 'yong ano. Katulad po ng ginawa po natin sa Beijing, diretso po na 'yong PAL na Boeing 77 --- triple seven ang kumuha ng 1 million at ganoon ngayon po, ngayon Cebu Pacific ang kumuha ng 500,000. Ganoon din po ang gagawin po natin.

Sa ngayon po kasi 15,000 lang po kasi 'yong maliit na ano so ang ano po natin nilagay po nila sa DHL kaya medyo nahihirapan po talaga sila ngayon. Pero, Mr. President, we will make sure that we will solve the logistical problem po. We will solve together po.

[So next slide, please.]

Sir, kung makikita po natin starting po ng June, maganda na po 'yong ano natin dahil kasi more or less mayroon tayong five supplier na, sir, na ano, kasama po 'yong COVAX kaya nagpapasalamat tayo sa COVAX.

Kung makikita niyo po sa baba 'yong sa June deliveries nandiyan na po ang Moderna, Sinovac, Gamaleya, AstraZeneca, 'yong COVAX Pfizer nandiyan na rin po. Pagdating po ng third quarter diyan na po bubuhos po 'yong mga ating mga supply dahil nakikita po natin na luluwag na po 'yong mga ibang countries dahil kasi ang US more or less matatapos niya na po 'yong kanyang ano eh, almost 60 percent or 70 percent ng kanyang --- kanyang ano, kanyang population.

Dahil sa ngayon po, bumababa na po sila ng 16 --- 16 years old. So makikita po natin na more or less pagdating ng ano ng August, magkakaroon na po tayo ng acceleration na 15 million to 20 million a month. And pagka nagkaroon na po tayo niyan, bubuhos po 'yong ating ano, 'yong ating mga volumes sa ating mga different highly urbanized area.

Ang ano po natin, pagka once nagkaroon na po tayo ng ano ng ganyang klase na ano po na pagbuhos ng mga volumes, ang atin pong target po is for every ano for every week mayroon po tayong 2 million to 3 million. Meaning ang ating ano po per day is 500,000 to 1 million ang ano po natin makakaya po natin kasi po mayroon po tayong 5,000 ano, 5,000 na vaccination site. Iyong isang vaccination site po kaya po 'yong 100. So 500,000 po kayang-kaya po in one day.

[Next slide po. Next slide, please.]

Sir, ito po 'yong ginawa po natin. Sa ngayon po nagsimula po tayo ng March, mayroon na po tayong A1, A2, A3. Iyong atin pong mga healthcare workers, senior citizens, at saka people with comorbidities pinagsama na po natin. At ine-estimate po namin na matapos po 'yong ano 'yong --- 'yong A1, A2, A3 more or less mga bandang ano po, bandang July po matatapos na po natin 'yan.

Nakita po natin 'yong ating healthcare workers, mayroon na po tayong 1 million na nababakunahan na po, 700 na lang ang kulang niya. At 'yong iba po kasi 'yong iba talagang mayroong 27 percent po na ayaw magpabakuna at saka mayroon pong naghihintay ng Pfizer at saka mga Moderna, 'yong mga vaccine na nasa Western.

And then 'yong sa A2, sir, 'yong seniors mayroon na po tayong 240,000 na individuals. At mayroon na po tayong sa ano, sa mga may comorbidities mayroong na pong 256,000. Sa healthcare workers mayroon na po tayong 250,[000] na fully protected na po ng dalawang doses, so mayroon na pong 250,[000].

And yesterday po, nag-usap po ang IATF na kasi May 1 po Labor Day na humiling po si ano, si Secretary Bello na mag-ano po na magbakuna tayo ng 5,000 po na ano na talagang mga frontliners, mga laborers, kasi Labor Day po.

So ang gagawin po natin magbabakuna po tayo ng ano ng mga laborers. And we thank sec --- Secretary Duque for approving collectively --- for

approving ‘yong ano po, ‘yong lahat po na ano po natin, at marami pong salamat sa IATF.

Kasi po ito po symbolic po na bibigyan po natin ng ano ‘yong mga ating mga frontliners at saka mga laborers na symbolic na vaccination. And hopefully pagka mayroon na po tayong volume sa June, sisimulan na po natin ang ano A1. A1 --- ‘yong A4 at saka ‘yong A5, ‘yong ating mga frontliners --- economic frontliners.

At darating na rin po ‘yong --- ‘yong mga binili po ng Go Negosyo, at dadating na rin po ‘yong binili po ng ICTS[I] nila Mr. Razon at Ayala, lahat ng mga conglomerates darating na rin po ng June so magsasabay-sabay na po tayo. And then sa August po, we are ano --- we are targeting na pagka dumagsa na po ang ating mga vaccine, puwede na po tayong magkaroon po ng target ng population ng general public ano na po vaccination na po tayo by August kasi mayroon na po tayong eksaktong mga bakuna.

PRESIDENT DUTERTE: Balik ho tayo doon sa… I --- I’d like to talk to the people sa itong sa modified enhanced community quarantine. Ang pakiusap ko lang kasi is two weeks ang hiningi ng mga medical professional including the Secretary of Health. His word, mabigat ang salita niya kasi kanyang departamento ‘yan eh, linya niya ‘yan, kanya ‘yan.

So mga kababayan ko naghihingi lang ako sa inyo ng paumanhin. I’m sorry that I have to impose a longer --- itong modified enhanced community kasi kailangan. Nag-spike ang --- may spike ang ano, tumaas ‘yong infections at ‘yong hospital natin puno. Kaya ho sana ‘wag ninyong dagdagan. Sabi ko na nga, ulitin ko for those people who do not really care, nary a care about whether getting infected or not, I can understand the --- paano ‘yong utak ninyo tumakbo. But the problem is madadale lahat. So hindi ko na makuha sa ‘yong sabi ko na magandang usapan, idaan ko na lang talaga sa batas. Actually batas, we enforce the law.

Ngayon, alam ko na galit kayo. Magalit na lang kayo sa akin kasi wala man talaga akong magawa. Iyang virus na ‘yan lumilipad ‘yan sa hangin. Eh kung kausap mo ‘yong may virus, na ma-virus ka rin. Iyan ang problema diyan sa COVID-19 virus.

So sumunod na lang muna kayo tutal para man ito sa lahat. Ako, I would be the last --- ako 'yong pinakahuling tao na mag-istorbo sa buhay ninyo. Sabi ko nga eh, I want the people to be comfortable.

So sometimes you have to interdict or intervene because it is of national interest. But --- ibig sabihin para sa --- for the good of all ano 'yan eh --- tawag nito? Iyong health hazard.

So dito tayo na nasabi ko na sa inyo 'yong rason, 'yong two weeks baka hindi niyo narinig. Hindi ko nga rin nakuha kanina eh. I know that it was a --- but it was just a recommendation. I am affirming the recommendation of Secretary Duque. Siya 'yong may alam niyan, siya 'yong doktor. Abugado lang kami dito karamihan.

So sumunod na lang tayo sa lahat para at ang --- tingnan ko kung anong magagawa ko sa paghihirap ng tao, how we can mitigate ang pang-ano sa tao sa kahirapan.

So next to report is Secretary Lorenzana. You have something to say?

DND SECRETARY DELFIN LORENZANA: Mr. President, I have nothing to say except dalawang bagay lang. Iyong ating OFWs umabot na ng 530,000 na umuwi so marami na po 'yan.

PRESIDENT DUTERTE: That's good.

SEC. LORENZANA: Palagi pa --- we still have about 1,000 arrivals a day. And then for the Filipinos from Sabah, we already have returned, 2,672, mayroon pa pong 3,918 na waiting to be repatriated to the Philippines. Iyon lang po, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you. We will have Secretary Loren --- Año to make his report.

DILG SECRETARY EDUARDO AÑO: Yes, sir.

[Puwedeng pakilagay 'yong slide?]

Magbibigay lang po ako ng ulat tungkol sa pagbabahagi ng ating Ayuda 2021. Ito po ay effort ng DSWD, DND at DILG.

[Nandiyan na ba 'yong slide?]

Sa atin pong pagbabahagi ng Ayuda 2021, nasa 22,915,422 beneficiaries or equivalent to 22.9 billion, nakapagpamahagi na tayo ng 15,533,806,600 --- I mean 15,491,584 beneficiaries, equivalent to 15 million --- 15,533,806,600 pesos. So a total po ito ng 67.60 percent.

So mataas na po 'yong ating pag-disburse. Unang-una po sa Metro Manila, mayroon pong 73.46 percent out of the 11,172,988 beneficiaries ay nakapagpamahagi na sila ng 8,207,921 beneficiaries.

Sa Bulacan naman po… *[Next slide, please.]* Sa Bulacan naman po sa kaukulang beneficiary na 2,967,039 nakapagpamahagi na po sa 1,813,668 beneficiaries na nakatanggap or 61.13 percent.

Sa Cavite naman po mayroon pong 3,444,488 beneficiaries at naipamahagi naman ang 1,833,980 --- kabuuang 53.24 percent.

Sa Laguna naman po, sa kabuuang 2,718,083 beneficiaries, naipamahagi na ang --- sa mga beneficiaries ang 2,067,891 ang nakatanggap. So kabuuang 76.08 percent.

At sa Rizal naman po ang total beneficiaries ay 2,612,824 at naipamahagi na sa 1,610,347 bene --- individuals sa kabuuang 61.63 percent. So all in all po out of the 22.9 billion ay nakapagpamahagi na ng 15.53 billion, sa kabuuang 67.60 percent.

Mayroon din po tayong mga natanggap na mga complaints. A total of 23,292 at ang 15,736 ay under deliberation at na-resolve na ang 3,824.

Dito po binigyan natin nang mahabang panahon ang ating mga LGUs para masigurado: number one, ang safety ng mga beneficiaries; pangalawa, talagang mai-roll out ang lahat ng ayuda; at pangatlo, lahat po ng complaints, grievances at appeal ay matugunan at ma-resolve at ma-address ng ating mga LGUs.

Para sigurado pong lahat po ng nag-complain ay masasagot. At kung mayroon pong hindi masagot ay papasok kami rito para magkaroon ng imbestigasyon at bigyan ng anumang sanction ang sinumang hindi nakapagpamahagi ng ayuda.

Ang sumunod naman po ay ang tungkol sa community pantry.

[Please, next slide.]

Ayon po sa inyong pag-uutos, gumawa po kami ng guidelines kung papaano po ipapatupad itong community pantry sapagkat itong community pantry ay isa sa puwedeng maging dahilan, katulad po ng inyong sinabi na pupuwedeng dito magsimula ang surge or spike kapagka hindi po nasunod ang minimum health standards.

Kaya kailangan ay mayroong standards na sinusunod. Sinuman ang organizer, sinuman ang mayroong nag-inisyatibo dapat ma-ensure ang safety ng lahat, both ang organizer, ang beneficiaries at pati na rin ang mga nagpapatupad ng ating mga batas.

Unang-una po, hindi po magre-require ng permit kasi ito ay magiging parang additional burden kung sinuman 'yong magsasagawa ng --- ng organizing ng community pantry. However, kailangan po ang masusing koordinasyon sa lahat ng LGU, sapagkat kailangan ay compliant sa batas at sa ordinansa ang lahat ng mga organizer ng community pantry.

Pangalawa, wala pong illegal na bagay at mga harmful items kasama alcohol at saka cigarettes na ipapamahagi dito sa community pantry.

Pangatlo, kailangan ang basic health protocols ay masusunod at mao-obserba. At ito po ang isang dahilan kung puwede nating --- para puwede nating ipatigil ang community pantry kapagka hindi nasusunod ang basic or minimum health standard sapagkat ito nga ang pagmumulan ng surge or spike.

Pang-apat, wala pong fee na sisingilin ang sinuman, LGU pati organizer hindi po puwedeng maningil ng anumang bayad o fee sapagkat ito ay isang bayanihan spirit.

Panglima, kailangan po ang koordinasyon sapagkat maraming papel o role ang gagawin ng ating LGU. Unang-una po, ang LGU ang dapat magsasabi kung saan ang venue na gagawin ang community pantry. Dapat ang venue na ito ay doon mismo sa mga nangangailangang lugar, purok, sitio o barangay.

At ang LGU din po ang pupuwedeng magbigay ng link sa ating mga organizer kung halimbawa kailangan ng mga supplier ay mayroon namang mga local producers para makatulong din sa ekonomiya ng LGU. At

kailangan din po ang LGU sapagkat siya ang magbibigay ng security at magme-maintain ng peace and order. Hindi po kaya ng organizer ang mangasiwa ng maraming tao kapag nagdagsaan na ang mga tao. Kailangan po natin dito ang PNP, ang barangay tanod, ang barangay officials at volunteers.

At kailangan po ay may sistema kung papaano makakaabot ang --- ang tulong sa mga beneficiaries na hindi kayang lumabas ng bahay katulad ng mga seniors at comorbidity.

Ang gusto po natin dito ay talagang localized ito na kung saang barangay gagawin, doon lang magbabandilyo at hindi na kailangang may mga taong dadagsa galing sa ibang lugar kaya kailangan ay nagiging --- umiikot itong ating community pantry.

Katulad po noong naganap dito sa Barangay Holy Spirit na in-announce ito sa Facebook kung saan nagdagsaan ang maraming tao at halos sobra pa sa sampung libo ang dumating na mga tao at hindi na nakontrol at hindi na naipatupad ang minimum health standard.

Sa community pantry po ay dapat ire-respeto ang karapatan ng lahat, ito man ay organizer, ito man ay beneficiaries o ito man ay parte ng LGUs. At hindi po natin papayagan na magkakaroon ng "epal" o tinatawag nating maglalagay ng anumang signage, billboards, posters bearing pictures, pangalan, initial o images ng mga tao na nagsasagawa ng community pantry 'no lalo na po ang mga politicians na gustong pumapel dito sa community pantry. So ito po ay ginawa naming isang advisory o memo na ipinalabas namin para sa guidelines ng ating mga LGU.

[Next slide.]

Ang susunod naman po ay ang ulat para makapag-update lang po ako sa kampanya ng PNP kontra sa illegal na droga. Dito po sa screen ay mula po 09 April hanggang 26 April po ang ating nakalagay na datos dito at makikita natin na sa loob po ng lugar na ito or period na ito ay nakapag-confiscate ang ating kapulisan kasama rin po ang ibang ahensiya na more or less 310,919,295 worth of shabu, ecstasy, marijuana, from 9-15 April; at dito naman sa 16-26 April ay 176, 859, 728 pesos.

Kapag ikinombine (combine) po natin itong period na ito, nagkaroon po ng 2,359 operations, nakapag-aresto ng 3,220 individuals at nagkaroon po ng mga nasawi na 34 at nag-surrender na 53 drug users. So a total of: shabu, 59.6 kilos; ang marijuana, 687.3 kilos; a total of 487,779,000.24 pesos confiscated shabu and marijuana.

Kahapon po ay --- ihahabol ko na rin 'no, may isang buy-bust operation na naganap sa Barangay Sta. Ana, Taytay, Rizal, kung saan ang PNP DEG, PDEA, Bureau of Customs at Rizal PPO, ay nag-conduct ng buy-bust operation resulting to the killing of two drug personalities and the confiscation of 15 kilos of shabu worth 102 million pesos.

So iyan po 'yong ating ulat, mahal na Pangulo, salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Very good. Very good, Secretary. Basta droga talaga they --- hindi lang alam ng tao kung gaano ka --- gaano kasama ang tama ng droga sa --- sa isang bayan.

Ma --- let me revisit doon sa ano barangay. Alam mo tama 'yon sa --- you are correct there kung i-barangay-barangay ninyo but it would be easier really to control even the spacing can be at least enforced to the barest minimum. Iyong ano 'yong sa barangay there is the purok and sitio. You can always schedule it for the purok so iilan lang 'yang maglinya, then after that the sitio will be the next venue and the third is so forth and so on.

Let's start with the basics sa --- basic political unit is really the barangay and the 'yang mga sitio --- sitio then the purok. 'Pag maglinya lang sila not so much, then sabihin lang, 'you're next.' Ganoon sana ang... Eh walang isip 'yong mga g***** 'yan eh. What they just do is just to show to the people that they care but they do not really care because of their ignorance.

Ang problema hindi na --- kaya hindi maano natin kasi ignorante. Benhur, I am sorry.

MMDA CHAIRMAN BENJAMIN ABALOS JR.: Okay lang ho.

PRESIDENT DUTERTE: Mata na --- mata ko ano na.

CHAIRMAN ABALOS: Opo.

PRESIDENT DUTERTE: Matanda na tayo. Kindly give us a --- an overview of what's happening in Metro Manila.

CHAIRMAN ABALOS: Magandang --- magandang gabi po...

PRESIDENT DUTERTE: Vis-à-vis with the program of government in the distribution of the...

CHAIRMAN ABALOS: Yes, sir. Magandang gabi po, Mr. President, at sa mga kasama ko po sa Gabinete.

Dalawang gusto ko lang pong sabihin 'no. Number one, gusto ko lang hong purihin ang mga alkalde, ang mga barangay captain, ang mga kagawad, ang mga tanod ng Kalakhang Maynila, dahil despite the fact po na pinakita po ni Secretary Año, halos dalawang linggo lang, naipamahagi na po nila ang 73 percent ng ayuda sa dami po ng tao at hindi lang po 'yon, sa mga binakunahan ay bumaba pa po ang kaso sa Kalakhang Maynila. Hindi ho dumami, bumaba pa ho.

At pangalawang punto po, 'yon pong sinasabi kanina po ni Secretary Galvez, tama po 'yon, nag-meeting po kami ng mga alkalde kasama po ang tinatawag na T3. Ito po 'yong mga private group na sila Bellus; iyong magkalaban nga, McDonald's, Jollibee, Ayala Land, lahat ng malalaking korporasyon, tutulong po sila para po paghandaan po natin 'yong pagdating ng bakuna na kulang-kulang 50 --- 10 million 'no --- 10 million itong June, July, August, hanggang 15 million and just to compare it, itong Abril is about 100 thousand --- 150,000 tapos comparing it to 10 million. So iba ho talaga ang kailangang paghandaan.

So 'yon na po ang pinaghahandaan namin, mahal na Pangulo, at of course pinakahuli lang po iyon pong sinabi ni Secretary Duque na iprinisenta sa amin, umayon po ang mga alkalde po rito sa MECQ plus new business openings sapagkat ito ay sagot sa mga walang trabaho, magkakaroon ng activities, at sagot rin naman na hindi tataas ang impeksiyon dahil ang border control po, walang puwedeng pumasok sa NCR Plus. Nandoon pa rin po ang border.

So sa Kalakhang Maynila more or less maganda po ang takbo. Ang mga alkalde po ay iisa lamang ang boses, ke maliit na lugar kamukha ng Pateros, San Juan o Mandaluyong; o malaking lugar, Maynila o Quezon City, basta magbotohan po, iisa lang po ang galaw po rito.

Iyon lang po, Mr. President. Salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you. It was a good report. I'd like to ask Secretary Roque now for his comprehensive report of what's happening.

PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE: Well, thank you, Mayor, 'no. Mayroon po akong presentation pero hindi po umabot sa pagpapadala 'no.

Pero ang pinakamalaking paghamon po sa communication eh sumipa po ng 1 million na ang kaso ng COVID at sinasabi siyempre ng ating mga kalaban, ito raw ay patunay na tayo ay hindi nag-i-implement ng mga tamang polisiya.

Sinasagot po natin ito sa pamamagitan po ng pagko-compare kung nasaan po ang Pilipinas sa buong daigdig at nakikita naman po sa next time po ipapakita ko po 'yong table, makikita po natin na sa total number of cases, eh number 26 lang po ang Pilipinas at ang siyempre ang mga Top 10 ang mga cases nila, 32 million, 70 million, 40 million at tayo po ay 1 million. Ito po ay mga bansa na mas mayayaman at mas advanced po ang kanilang mga hospital pero ang Estados Unidos 32 million cases, ang mga namamatay ay kalahating milyon. Samantalang tayo na mahirap na bansa, may 1 million cases nga po pero maliit din po 'yong ating death rate dahil ito po ay nasa 1.67 lamang samantalang ang world average ay nasa 2.1.

Tapos sinasabi po natin na huwag niyong titingnan lang ‘yong total number of cases kasi dapat tingnan niyo rin ilan na ang gumaling. At may --- bagama’t mayroon na po tayong in excess of 1 million na mga kaso, ang gumaling naman ay 925, 027.

At sa mga numero po nang gumaling, eh tayo po ay number 20 worldwide ‘no. At doon sa iba pang mga ranking natin, ‘yong active cases nga po natin number 27 lang tayo sa daigdig. Iyong ating cases per 1 million ay number 129 po tayo sa daigdig, at ‘yong ating case fatality rate nga po, tayo po ay 89 sa buong daigdig.

Ang ating testing po 66,000 per day. Tayo po ang pangalawang pinakamataas na testing dito po sa ASEAN.

Tapos kung titingnan niyo po ‘no, mayroon po tayo doon kasi ‘yong cases per million, per 100,000 ‘no, ‘yong cases per 100,000 tayo po’y 898 lamang. Ang UK po 9,700 --- ang US po ay --- ang US po ay 9,700; ang UK ay 6,577 ‘no. At kung titingnan po natin ‘yong deaths, per 100,000 ang Pilipinas po 15 lamang; ang Estados Unidos - 173; ang UK - 191; ang Canada - 63; at ang Mexico - 167.

Tapos mayroon pong isang website na mayroong graphs na comparative sa total cases worldwide at pinapakita ko po na bagama’t ang Pilipinas ay

bahagyang tumaas, eh napakababa pa po ng kaso natin sa Pilipinas kung ikukumpara nga po doon sa Top 20 sa buong mundo kasama po ang Estados Unidos.

So bukod po doon sa nag-1 million na ang COVID, siyempre mainit din po 'yong usaping WPS, eh nag-ano po ako, nag --- I went on the offensive. At ang sinabi ko po kung mayroong mga taong namigay ng teritoryo, isa po doon si Justice --- retired Justice Antonio Carpio dahil doon sa kanyang desisyon sa kaso ng Magallona vs Executive Secretary, nawala po 'yong ating internal waters, nawala po 'yong ating territorial seas na matagal na pong nirerespeto ng buong daigdaig dahil ito po ay kabahagi ng Treaty of Paris.

At ang sabi po doon sa ponensiya ni Justice Carpio, bagama't nawala 'yong napakadaming territorial seas at saka internal waters na sa susunod po ipapakita ko sa inyo, ang kapalit daw ang EEZ. Pero wala pong kapalit 'yon dahil ang EEZ wala pong soberanya, walang hurisdiksyon. Ito po ay sovereign rates lang --- rights lamang --- para magkalap ng tanging yaman. So far po, ang sabi ni Justice Carpio, it is not worthy of response daw po.

Iyon lang po 'yong mga dalawang maiinit na topics natin for tonight.

PRESIDENT DUTERTE: Alam mo, isang tanong lang ako kay Carpio pati kay Albert. Kung bright kayo, bakit nawala ang West Philippine Sea sa atin? Panahon ninyo 'yon eh. Panahon ninyo na talagang nandiyan kayo sa puwesto. Eh kung bright kayo, bakit nawala ang --- ?

Ngayon ng --- ngayon na ang China nandoon --- ang China na ang naghahawak doon, ako na 'yong --- ako na 'yong niluluslos ninyo na maggawa ng paraan.

Alam mo ang --- ang kabuuan ng --- ? They just don't know how. Paper? China... What more could be a by more binding order or an international pressure? Eh 'di 'yong tribunal. Wala nang makatalo sa atin doon. Walang --- nobody in the United Nations will go to war for us.

Ang ating --- for China tapos na ‘yon na may desisyon na, ayaw nilang sumunod. Tayo naman, we have the decision but we are at a loss of how to get it --- get back physically the West Philippine Sea. Iyan ang problema.

Ang ano ko lang dito sa mga bright boy, hindi --- iyon ‘yong panahon na nasabi ko. May barko tayo diyan sa ---- I think it was in Spratly ---

SEC. ROQUE: Panatag Shoal po, Scarborough.

PRESIDENT DUTERTE: Ah Scarborough tapos pumun --- pumunta rin ‘yong Chinese Coast Guard. Nagkaroon ng standoff kasi pinapaalis tayo, pinapaalis natin sila. Ngayon na medyo nagkagulo, takot ang mundo na magkaupakan, itong Amerika na sabi nila na dedepensahan nila tayo, eh bakit hindi sila pumunta doon at sinabi nila ‘sa Pilipinas man 'to’? Kaya kami pati gumagamit nitong mga tubig na ito. Eh di kayo ang umalis. Bakit hindi nagpadala? Bakit hindi nila tinawag ang Seventh Fleet magpunta doon sa --- ?

Sila na tuloy... They claimed that they were responsible for the breaking of the impasse kasi nakatutok eh. Iyan ang ano. It's a questionable question. Some say na hindi totoo 'yan na it was America.

But iyan ang tanong ko: Bakit noon kailangan na natin ang Amerikano, bakit walang barko ng Amerikano pumunta doon para tumulong sa ating Coast Guard? Second, eh kung nagdating man doon sa panahon na it's a legal tussle between countries, bakit natalo tayo? Anong ginawa ninyo?

Huwag 'yong arbitral ruling. Iyong arbi --- atin man talaga 'yang... Hindi naman kailangan 'yan. Anong ginawa ninyong nasa gobyerno? Ikaw Albert, ikaw 'yong nagsabi sa Navy "umatras kayo" because of the Americans or you were afraid. Sa Bisaya 'yan nagkakak ka eh. Nawalaan ka ng bayag diyan.

Sana sinabi mo 'yong we will stand our ground. We will not retreat. We will not get out of the West Philippine Sea because it's ours. And we are calling or at least an offer from the United States to send a flotilla of ships to --- para to back us up.

Iyan, simple 'yan. Huwag na tayo 'yong mga papel-papel ni Carpio. Walang kwenta 'yan. Pumasok ka sa pulitika, mabuti para matikman mo. Pumasok

ka diyan eh. O ngayon, nasa pulitika ka, anong nangyari? Nasa Supreme Court man kayo noon. Bakit hindi ninyo sinabihan si PNoy maggawa nito, gawa doon? Instead, nag-retreat kayo. Ang naabutan ko, talo na tayo. Ang China kumasa na nang husto na kanila talaga.

Kaya I have a choice of going to war, mamamatay tayong lahat kasi wala talaga tayong armas na --- or I will just send my soldiers to hell which I will never do. Hindi ko pupunta --- hindi ko ipapunta --- ipalaban 'yang mga sundalo ko. Kinahanglan (kailangan) kung may laban, manalo tayo.

Ako, sabihin ko sa China, you know China, we can always call the Americans. But in so many instances, puro salita lang that we stand by you. That would have been the moment to show to the world that they were with us by sending their superior ships.

Bakit hindi nila ginawa? Iyon ang sabi tapos sabihin, 'we will stand by you.' Kaya? Kung nagkaupakan doon, nandoon kayo? Wala, Pilipino, iyong Coast Guard ko lang. Ay anak ng jueteng. Hindi ko ipasubo iyang sun… G*** ako kung...

Iyon ang istorya diyan. Remember na pagdating ko sa opisina sa pagka-Presidente, iyang China Sea, nandoon na talaga sa China kasi umatras tayo, hindi tayo kumasa. Sino ang presidente noon?

Ngayon, ako kung sabihin kasa, tingnan natin. Tingnan natin. May mga ano man tayo --- may mga --- 'di ba may mga barko tayo ngayon, Del?

SEC. LORENZANA: Mayroon, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Oh, ayon. Mayroon tayong dalawang barko. Subukan nilang ipa... Sabihin ko sa China, we do not want trouble, we do not want war. Pero kung sabihin mo na paalisin mo lang na ano, no.

Ngayon, anong mangyari niyan kung magka-giyera? Sigurado. Sinong ipadala ko? Si Carpio pati si... P***** i**, sila 'yong nag-umpisa. Sila ang mauna. Tapos sabi --- ito, this would really be a test. I've read that China said, "umalis kayo."

Sabihin ko ngayon, huwag kayong umalis. Period. Que se joda kung tulungan tayo ng Amerika o hindi. Huwag na tayong umasa sa kanila. Hindi 'yan kakasa sa atin. A nuclear war na sasabog itong mundo, kakasa ang Amerika? Hindi.

Tayo kakasahan tayo, kaya ako sabi ko, I'm stating it for the record, we do not want war with China. China is a good friend. Mayroon tayong utang na loob na marami pati 'yong bakuna natin. So China, let it be known, is a good friend, and we do not want a trouble with them, especially a war.

But there are things which are not really subject to a compromise, kagaya nang ginawa mag-atras-atras. Mahirap po 'yan. Sana they will understand but I have the interest of my country also to protect. It might not really be a might --- an armed might, but it is really a claim of sovereignty which I cannot… Iyan nandiyan na 'yon, 'yan na example.

O sige, tingnan natin anong gawain natin o ano ginawa nila? Now, let us compare it is evolving na nangyayari pa, it is evolving. Now, let us see what happens. Ako, kung paalisin tayo nang ganoon lang, 'umalis kayo', sabihin ko, huwag kayong umalis. Bakit kayo aalis diyan? Atin 'yan eh.

So China must understand that if need be, we will… I don't know what will happen next. But tapos na man tayo sa legal, tapos na man tayo sa ano, nandito na man ito si Carpio na… Ikaw Carpio, maligo na kayo doon, kayong dalawa ni Albert sa beach doon sa --- sa harap ng Spratly.

Ito panahon na. Ikaw gus --- ito na --- ito na 'yon. Ito na 'yong hinahanap natin na may gawain ako. O sige, tingnan natin. Okay 'yan, Secretary Roque?

SEC. ROQUE: Okay po. Kaya nga po sinasabi ko na nadatnan niyo na po lahat 'yan. At ngayon nga po ang naging desisyon ninyo dahil ayaw natin makipag-giyera, isulong ang mga bagay-bagay na puwedeng isulong, isantabi 'yong hindi mareresolba during po our lifetime. Maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Ayaw ko --- ayaw ko. Unang-una, kalaki ng utang na loob natin sa China. Tingnan niyo bakuna libre. There are so many things --- 'yong mga tulong nila. Pero sabihin ko na there are some things in life which cannot be bargainable and this is one of them.

Now, tingnan natin kung anong gawin ng China despite of our pleadings for peace and to settle it. Anong gawain nila doon sa mga barko natin nandiyan o 'yong ginawa ni Albert pati ni Carpio, ngayon makita na natin. Sige daw.

Iyon lang man siguro mga kababayan ko. Medyo emosyonal ako kaunti pero alam mo na, it's a national --- national pride.

So maraming salamat sa pakikinig ninyo. *[applause]*

--- END ---